

1

“Excuse me, Sir, bawal ho kayong manigarilyo dito.”

Nabaling ang tingin ng nakatayong si Fabio sa security guard na sumita sa kanya at tila walang pakialam na muling humithit at bumuga sa ere.

“So why do you have this here?” tukoy niya sa isang metal trash bin na mayroong ashtray sa tuktok na nasa tabi lang niya.

“Para lang ho sa mga basura ’yan,” medyo naalangan nitong sagot.

“Sigurado ka?” Sinalubong niya ang tingin ng batang security guard.

“Y-yes, Sir.”

“I want to talk to the head of security,” kunot-noo niyang pahayag. “Or whoever the hell manages this place,” dagdag pa niya.

“B-bakit ho, Sir?” tila naalarma nitong tanong.

“Hindi ka sigurado sa sagot mo. I need to talk to someone who knows how this place runs. At pag napatunayan kong nagkakamali ka, I’ll have your sorry ass fired and I’ll make sure you’ll never get employed again,” galit niyang pakli. Nakita niya

ang pagkawala ng kulay sa mukha nito at ginatungan pa niya ang sinabi. “There’s a reason why there’s an ashtray here, you know.”

“S-Sir, hindi na ho—”

“I want your manager, damn it!” he snapped.

Napatayo nang tuwid ang lalaki at di na niya napigilan ang sarili. Malakas siyang natawa at tinapik-tapik ang mukha nito. “I’m messing with you, kid, relax!”

Hindi pa rin ito nakabawi kahit nang idinuldol na niya ang sigarilyo sa malinis na ashtray sa tabi niya. Muli siyang nagsalita habang nakatitig pa rin sa ashtray. “Kaya ito narito ay dahil baka may nagkamaling manigarilyo and they have no place to put out their cigarettes.”

Napatango-tango ito at napangisi siya. “I’m sorry, I didn’t mean to scare you. You’re doing a great job!”

“You’re sick,” naililing na bungad ni Nathan na hindi niya namalayang pinapanood pala ang ginawa niya.

“I’m bored,” pakli niya at tinanguan ang security guard na pilit ang ngiting lumayo na sa kanila.

Nasa *NAIA* sila at kalalapag lang ng Pilipinas. Nauna niyang nakuha ang mga gamit sa baggage area at hinihintay lang niya ang apat pang kasamahan bago tumuloy sa hotel na pansamantala nilang titirhan.

“You scared the shit out of him. Kung hindi kita kilala ako mismo ang magduduldol ng sigarilyo sa mukha mo,” sagot nito at naupo sa isa sa mga benches matapos ilapag ang mga gamit.

“Para namang kaya mong gawin ’yon,” hamon niya at nilingon ang pinanggalingan nito. “Here they are at last,” tukoy niya kina Jarno, Jake at Loki.

All five of them were members of *DEVGRU’s Team Echo of Red Squadron*—Navy *SEALs* elite group. They were popularly known if not addressed as Seal Team Six. Well, originally there were six of them. But during their most recent mission, their technical expert died.

May dumating na order na iwan ang kasamahan nilang si Lafernio Silver habang ginagawan pa nito ng paraan na mairarase ang surveillance video ng pagliligtas nila sa mga hostages ng isang grupo ng Colombian terrorists. Nabawi na nila ang mga bihag at tila iyon lamang ang concern ng commander nila. They left Officer Lafernio behind enemy lines. At nakumpirma ang hinala nila na namatay ito nang ipaalam sa kanila na nakuhaan ang mga mukha nila sa surveillance. It meant that they were in trouble. Nasa kill list sila ng mga terorista. It also meant that Lafernio had been captured and killed. Dahil kung buhay pa ito ay hindi nito hahayaang makita ng mga kalaban ang mukha nila. Maaaring naka-camouflage face paint sila—pero hindi basta-basta susugal ang United States Security. Kaya sila pinagbakasyon, para magpalamig. Kung bakit sa Pilipinas sila ipinadala, walang

nakakaalam.

Siguro dahil lahat sila ay may dugong-Filipino. Pero hindi pa rin siya naniniwala na sapat na rason iyon para dito sila ipatapon.

“Jesus, I forgot how hot it is in here,” agad na bulalas ni Jake nang makalapit. Walang hirap na bitbit nito ang napakalaking traveling bag at duffel bag nito.

“You’d better get used to it, nararamdaman kong matatagalan tayo dito,” sabad ni Lieutenant Jarno Milosevic, their Master Operator.

“Lafernio loved the weather here,” wala sa loob na nasabi ni Loki na ikinatahimik nilang lahat.

Sa kabila ng pagiging kaswal ng mga galaw at usapan nila ay hindi pa rin maitago ang kahungkagan ng pagkalagas ng isa sa mga miyembro nila. And Lafernio was not just a teammate. He was a brother. They treated one another as family at alam nila na handang magbuwis ng buhay ang sinuman sa kanila para sa kapakanan ng nasa grupo. At iyon ang ginawa ni Lafernio.

“I’m sorry,” agad na bawi ni Loki. “I didn’t mean anything by that remark.”

Kakatapos lang nilang pagbatiin ito at si Jake bago bumaba ng eroplano. Loki knew Lafernio way before *SEAL*, they were childhood best friends at hindi nila ito masisisi kung mas dama nito ang pagkawala ng kaibigan. Jake was a realist and Loki kind

of regarded the former's attitude as indifference.

“It's okay.” Nagkibit-balikat siya. “We know how you feel.”

“All right. Let's go and get this party started,” nakangiti nang sabi ni Jake na nagpatiuna nang lumabas.

Patamad na sumimsim si Regina mula sa mojito glass niya habang hawak-hawak ang pendant ng paboritong kuwintas. Pinagmamasdan niya ang mga magkakaparehang nagsasayaw sa dance floor. Nasa party siya ng best friend niyang si Nikka. It was Nikka's birthday at kahit wala siya sa mood na um-attend sa party nito ay hindi niya ito mapahindian. Sa bakuran ng mansion nila Nikka ang party at mula sa kinauupuan niya ay naaaninag niya ang dalawang unipormadong lalaki na nakamasid sa bawat galaw niya. Asar na inirapan niya ang mga ito—her always-present bodyguards.

Iyon ang dahilan kung bakit hindi siya ginaganahang dumalo sa parties ng mga kaibigan. She was never without a chaperone. Her father owned the biggest and most popular TV station in the country. May kapangyarihan ito kung ano at kailan ipapalabas ang mga balita sa mga programa ng istasyon. Her father was an impartial man kaya kahit ang mga news na maaaring makasira sa reputasyon ng malalaking tao, politiko man o hindi ay hinahayaan nitong lumabas. He always maintained that the station's success was due to their honest broadcasting. At hindang-hindi umano

nito hahayaang masira ang tiwala ng mga tao.

Kaya tuloy bantay-sarado siya palagi dahil sa threats ng malalaking taong binabangga ng ama. It was a high price to pay and she hated it.

Nakita niyang kinakawayan siya ni Nikka na nasa gitna at kasayaw na ang iba pang imbitado. Kinawayan din niya ito sabay iling. Kahit gusto niyang sumayaw ay pipiliin pa niyang maupo na lang doon. Kahit buong buhay niya ay may bodyguards siya, naaasiwa pa rin siya na pinagmamasdan ng mga ito ang bawat galaw niya.

“Hey, let’s dance!”

Napaligon siya sa pinanggalingan ng boses. Si Joey, isa sa mga masusugid niyang manliligaw. Pinagmasdan niya ito. Joey was a popular varsity player. Lahat halos ng kilala niyang babae ay gusto itong mabingwit. But not her, hindi dahil nagpapaka-unique siya but because she preferred mature men who actually have some brains. Hindi iyong puro muscles ang mayroon at basketball lang ang alam.

“No, Joey, I don’t want to dance.” Sinubukan niyang itago ang disgusto sa tinig.

“Oh, come on, Regina. It’s your best friend’s birthday! Everybody’s having fun, except you. Tara na.” Hinawakan nito ang kanyang kamay at nagsimulang hatakin siya sa dance floor.

“Ayoko nga.” Binawi niya ang kamay niya. “Dance if you want to, mas gusto kong mag-isa dito.”

“Regina!” sigaw ni Nikka. “Come on!” Nakangiti ito sa kanya and her heart warmed.

“I will just finish my drink,” nasabi na lang niya kay Joey matapos tanguan si Nikka.

“The drink will still be there when we finish. Tara na...” susog pa rin ni Joey na ikinairita na niya.

“Joey, I’m gonna dance with Nikka, not with you,” mariin niyang saad. “Mauna ka na d’on,” dagdag pa niya at muling sumipsip sa baso.

Umikot ang mga mata ni Joey, inagaw ang baso niya at inilapag iyon sa lamesa. Pagkatapos ay muli siyang hinawakan at hinatak sa dance floor. Iritadong nagpaakay na lang siya rito, para lang magulat dahil hindi siya nito dinala sa grupo nila Nikka. Sa halip ay tumigil ito malayo sa mga nagsasayaw at hinapit siya sa baywang. Halos wala nang espasyo sa pagitan nila.

“Ano’ng ginagawa mo?” nagpupumiglas niyang asik dito. Naalarma siya nang maamoy ang amoy ng alak sa hininga ng binata.

“I’m dancing with you,” balewala nitong sagot at lalo pa siyang hinapit.

When his hands grabbed her buttocks ay napailing siya.

“Look, Joey, ayokong gumawa ng gulo sa party ni Nikka. Please let go of me.”

“Hindi ko maintindihan kung bakit ayaw mo sa 'kin Reg,” pabuntong-hininga nitong saad.

“You can't have it all, Joe, ang daming nagkakandarapa sa 'yo. Stop wasting your time with me.” Itinulak niya na ito at akmang tatalikod na nang muli siya nitong hawakan.

She looked back para kausapin uli ito pero napanganga na lang sa nakita. One of her bodyguards punched Joey in the face na mabilis nitong ikinatumba.

Mabilis na nagsidalo ang teammates ni Joey at pinagtulungan ang mga bodyguards niya.

“Stop it!” mabilis niyang sigaw at kasabay niyon ay ang pagtigil ng tugtog. Next thing she knew, lahat ng mga mata ay nakatuon na sa kanila.

Nagsilapit ang ibang kalalakihan upang paghiwalayin ang nagrarambulan. Kagat-labing napalingon siya kay Nikka na tulalang nakamasid sa mga nagkakagulo. Natumba ang buffet table at maraming baso ng inumin ang nagbasag. Nasira din ang pinaghirapang dekorasyon at ang gigantic lava lamp na nasa gitna ng dancefloor ay nagkadurog-durog. Napakagat-labi siya, realizing that she just ruined Nikka's party.

“I'm sorry,” was all she could whisper bago nagmamadaling

lumabas sa gate ng mga ito.

She had no key for the car they used kaya wala siyang nagawa kundi ang maglakad-takbo sa kalye ng private subdivision na iyon. Alam niyang bihirang may napapadpad na taxi roon dahil lahat ng mga home owners ay may sariling sasakyan kaya lumabas na siya sa gate ng subdivision. Gusto na niyang makalayo sa lugar na iyon.

Sinira niya ang party ng kaibigan niya nang dahil sa kaartehan niya. And if not for her stupid bodyguards ay hindi sana nagkagulo. She could handle Joey, kung hindi nakisali ang mga ito. Pinahid niya ang luha at pinara ang unang taxi na dumaan at inihanda ang diskusyong ibibigay niya sa ama.

Napapabuntong-hiningang ibinaba ni Fernan Dizon ang isa na namang sulat na naglalaman ng death threat para sa kanyang anak. Isang anonymous tip ang natanggap niya kamakailan lang na isang heneral ang kaakibat ng pinuno ng isang malaking sindikato sa pag-kidnap ng mga babae at mga bata para i-smuggle sa iba't ibang bansa. Kaya hindi na siya nagtaka sa sulat na natanggap ngayong araw. Hinihingi ng nagpadala ng sulat ang ebidensyang nasa kamay niya at ang kapalit niyon ay ang kaligtasan niya at ni Regina. Hindi man nagpakilala ang nagpadala ng sulat ay alam niyang galing iyon sa mismong heneral na sangkot sa sindikatong matagal nang hina-hunting ng gobyerno.

Sa mga ganitong pagkakataon ay gusto na niyang pumayag at itago ang mga ganoong uri ng balita sa tao. His only true wealth was his daughter—the sole reminder of the woman he had ever loved. Namatay ito sa panganganak kay Regina. He had wanted a son, pero kahit hindi natupad ang hiniling niya ay hindi iyon naging hadlang para mahalín niya nang lubusan ang anak. The only thing stopping him from yielding to the bad guys and retiring from his job was the people. Bilang dating mamamahayag ay alam niya ang kalakaran sa mundo.

How many times had he been bribed before para lang mailigtas ang mga corrupt na opisyal ng bansa? Mga opisyal ng bansa na sanhi ng walang hanggang kahirapan ng mga tao. Hindi iyon kayang tanggapin ng kanyang konsyensya kaya hindi niya maiwan ang trabaho. The least he could do was to make sure that Regina was guarded at all times—and if bodyguards were the only way to do that...

“Daddy! I need to talk to you!”

Napaangat ang tingin niya sa bagong pasok na anak. Namumula ang mga mata nito at halos magpang-abot ang dalawang kilay sa pagkakakunot ng noo.

“What’s wrong? Are you okay?” naalarma niyang tanong.

“I want those bodyguards gone, Daddy! Sinira nila ang party ni Nikka!”

Napailing siya. “If this is one of your lies para lang mawala

silá—”

“Dad, binugbog nila ang isa sa mga bisita ni Nikka and they ruined the whole place. They embarrassed me, Daddy. Hindi-hindi na ako lalabas na kasama ang mga taong ’yun! Fire them, Daddy, fire them right now!” gigil na gigil nitong saad.

Sa kabila ng galit na nababanaag niya sa anak ay hindi pa rin niya maiwasang mapangiti habang nakatingin dito. Sa mga mata niya, hindi pa rin ito nagbabago. Her pretty baby face was as lovely as ever, kung wala itong makeup ay mukha itong katorse anyos. Hindi nito namana sa ina ang height.

Michaela, his late wife, was over 5’8”, samantalang si Regina ay nasa 5’4” lang. She inherited her mother’s fair complexion and brown eyes that darkened whenever his daughter was angry. Kagaya ngayon.

“Daddy, nakikinig ka ba sa akin?” untag nito.

“I’m not going to fire them, Regina. Alam mo ’yun. Puwede ko silang palitan but you’ll never be allowed a day without a lookout.”

“Fine! Then I’m not going out, ever! Hindi ako papasok sa university, hindi ako makaka-graduate, and it’s gonna be your fault!”

“Do as you please, Sweetie,” tugon niya rito at halos magiba ang opisina niya sa bahay sa lakas ng pagkakasara nito ng pinto.

Bullets And Gifts - Jade Anne Franco

Nasapo niya ang sentido. Kung noon ay mababahala siya sa sinabi nito. Pero napakaraming beses na nitong sinabi iyon at kailanman ay hindi nito iyon ginawa. Sigurado siyang bukas lang ay lalamig na ang ulo ng anak at makakalimutan na nito ang lahat.